| | | *Technology Integration* |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | **Andrea Joshua A. Rivera** | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang (9)<br>(1) Markahan | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | **1.1 Natutukoy ang mga elemento ng kabutihang panlahat** | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nakapagtutunay na ang kabutihang panlahat ay mahalaga para sa kaayusan ng lipunan<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Nakasusunod sa mga elementong bumubuo sa kabutihang panlahat at<br>SAYKOMOTOR:<br>• Nakagagawa ng hakbang upang mapalaganap ang kaayusan sa lipunan upang matamo ang kabutihang panlahat | |
| **PAKSA** | Layunin ng Lipunan: Kabutihang Panlahat | |
| **PAGPAPAHALAGA** | Kabutihang Panlahat (Concern for the Common Good) | |
| **MGA SANGGUNIAN** | 1. Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul Grade 9<br>https://docs.google.com/file/d/0B_TibwEltyeuVThqbkZILVoxMW8/edit<br>2. Core and Related Values in the DepEd Framework for Education<br>https://www.slideshare.net/rhamylle13/core-values-and-related-values-in-the-deped-framework-of-values-education<br>3. | |
| **MGA KAGAMITAN** | Projector, Internet Connection, Marker | |

| | | |
|---|---|---|
| **GAWAIN** | Panuto:<br><br>1. Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa limang pangkat at bawat pangkat ay aatasan ng isang institusyong panlipunan. Bawat pangkat ay gagawa ng isang maikling pag-lalarawan ng institusyong naatas sa pangkat.<br><br>• Group 1- Paaralan<br>• Group 2- Simbahan<br>• Group 3- Pamilya<br>• Group 4- Mga negosyo<br>• Group 5- Pamahalaan<br><br>2. Bawat pangkat ay magsasagawa ng pagsasaliksik sa institusyong naatas sa pangkat at dapat ay masagot ng kanilang pagsasaliksik ang mga sumusunod na katanungan:<br><br>a. Ano ang layunin ng sektor?<br>b. Ano ang kontribusyon nito sa lipunan?<br>c. Ano ang nakikitang tunguhin ng mga ito sa kasalukuyan?<br>d. Ano ang kasalukuyang kalagayan nito sa ating bansa? Ano ang ginagawa nito tungo sa pagkamit ng kanilang layunin? Mayroon ba itong nagiging impluwensiya sa mga mamamayan at naiambag na tulong sa pag-unlad ng lipunan? | Venngage Infographics Maker<br><br>https://infograph.venngage.com/infographics |
| **PAGSUSURI** | 1. Ano ang maitutulong ng mga sektor ng lipunan na nabanggit sa pagkamit ng layunin ng lipunan?<br>2.Ano ang maaaring maganap kung hindi matutupad ng mga sektor na ito ang<br>kanilang mga tungkulin sa lipunan?<br>3. Paano matitiyak na makatutulong ang lahat ng sektor na ito upang gawing<br>matiwasay ang lipunan?<br>4. Kung magkakaroon ng iisang layunin ang lahat ng sektor na nabanggit, ano kaya ang layunin na ito?<br>5. Paano makatutulong ang mga sektor na ito ng lipunan sa pagkamit ng kaganapan ng iyong pagkatao? | Biteable Video Maker<br>https://biteable.com/watch/pagsusuri-1982295 |
| **PAGPAPALALIM** | Mga Elemento ng Kabutihang Panlahat<br><br>Ang Kabutihang Panlahat ay binubuo ng tatlong mahahalagang Elemento (Compendium of the Social Doctrine of the Church)<br><br>**1. Ang paggalang sa indibidwal na tao.** Dahil ang kabutihang panlahat ay nagpapahalaga sa kalikasan ng tao, hindi ito lubos na iiral kung hindi kikilanin at pahahalagahan ang kaniyang dignidad. Sa dignidad nakakabit ang iba't ibang karapatang kailangang igalang at hayaang gamitin ng tao sa lipunan. Upang<br>maging makatarungan ang isang lipunan, kailangang | Emaze Presentation<br><br>https://www.emaze.com/@AOIWITOIL/mga-elemento-ng-kabutihang-panlahat |

| | | |
|---|---|---|
| | nasisiguro ng namumuno dito na ang karapatan ng bawat indibidwal ay kinikilala, iginagalang, pinoprotektahan at pinahahalagahan. Halimbawa nito ay ang paggamit ng tao ng kaniyang bokasyon tungo sa paglinang ng kaniyang sarili. Gayundin ang protektahan ang kaniyang karapatang kumilos ayon sa dikta ng konsensya. Mas malawak itong tatalakayin sa mga susunod na aralin.<br><br>**2. Ang tawag ng katarungan o kapakanang panlipunan ng pangkat.** Ang pag-unlad ang kabuuang pokus ng panlipunang tungkuling kailangang maibigay sa mga tao. Karaniwang sinusukat ito halimbawa sa mga pampublikong sistema ng pangangalaga sa kalusugan; epektibong pampublikong pangkaligtasan at seguridad; kapayapaang namamagitan sa bawat bansa sa mundo; makatarungang sistemang legal at pampolitika; malinis na kapaligiran at umuunlad na sistemang pang-ekonomiya. Ang mga nabanggit ay mayroong malakas na epekto sa kapakanan ng mga kasapi ng pangkat. Mahalagang may mamagitan upang masigurong nakakayanan at nararating ang mga ito ng bawat isa sa lipunan. Kapag nangyayari ito, natutugunan ang tawag ng katarungan o kapakanang panlipunan ng pangkat**.**<br><br>**3. Ang kapayapaan (peace).** Kalimitang sinasabi na ang kapayapaan ay ang pagkakaroon ng katahimikan, kapanatagan o kawalan ng kaguluhan sa lahat ng aspekto ng buhay tulad ng isip, kalooban, pamilya, lipunang ginagalawan at iba pa, subalit ang kapayapaan ay resulta ng pagkakaroon ng katahimikan, kapanatagan at kawalang ng kaguluhan. Mayroong kapayapaan kapag iginagalang ang bawat indibidwal at umiiral ang katarungan. katarungan. Ang kapayapaan ay indikasyon ng pagkakaroon ng kabutihang panlahat, ang katatagan at seguridad ng makatarungang kaayusan. Kailangang nabibigyan ng seguridad ang lipunan at ang mga kasapi nito sa mabuti at maayos na pamamaraan. Gayunpaman, may pagkakataong hindi natutugunan ang kabutihan ng lahat kaya't may mga pagkilos sa lipunan na isinasaalang-alang ang kapakanan ng mas nakararami. Kaya sa abot ng makakaya ay sa lahat, ngunit kailangang maunawaan ding may pagkakataong tamang ganapin ang para sa nakararami. Hindi kailangang magresulta ito sa away o gulo at maaari itong daanin sa diyalogo. | |
| **PAGLALAPAT** | Marahil bilang isang mag-aaral, iniisip mong masyado pang maaga para masubok kung kaya mo nang pairalin ang kabutihan sa iyong lipunang ginagalawan sa kasalukuyan. Ngunit mahalagang maunawaan mong bawat tao sa lipunan, anuman ang kaniyang katayuan sa buhay at edad ay mayroong pagkakataong magbahagi ng kaniyang magagawa upang matiyak na makakamit ang kabutihang panlahat.<br><br>Panuto: | Visme Table Maker<br><br>https://my.visme.co/projects/q6r8ojkr-paglalapat |

1. Mahalagang magamit ang mga konseptong natutuhan sa modyul na ito upang maisakatuparan ang gawaing ito. Sa gawaing ito ay magsagawa ka ng pagsusuri sa mga pagkakataon sa iyong buhay bilang isang mag-aaral at kabataan kung saan (1) napangibabaw mo ang kabutihang panlahat at (2) mas napangibabaw mo ang kabutihan ng iyong sarili o ng iilan kaysa sa kabutihang panlahat.

2. Maaaring isagawa ang gawaing ito sa pangkat. Maglaan ng panahon upang mag-usap bilang pangkat para sa pagbabahagi ng mga karanasan. Magpasya sa pangkat kung sino ang nakapagbahagi ng karanasang tunay na tutugon sa hinihingi ng gawain.

3. Ilista ang mga ito gamit ang pormat sa ibaba.

| Pagkakataong Nangibabaw ang Kabutihang Panlahat | Naging Bunga | Paraan kung paano ito mas mapagyayaman |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| **Pagkakataong Nangibabaw ang Kabutihang Pansarili o Kabutihan ng Nakararami** | **Naging Bunga** | **Nararapat gawin upang mas mapanaig ang kabutihang panlahat** |
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |

DRAFT

**PAGSUSULIT**

Pagsusulit na may Pagpipilian:

1. Ang mga sumusunod ay elemento ng kabutihang panlahat maliban sa:
a. Kapayapaan
b. Katiwasayan
c. Paggalang sa indibidwal na tao
d. Tawag ng katarungan o kapakanang panlipunan ng lahat

2. Kalayaan at pagkakapantay-pantay ang nararapat na manaig sa lipunan. Ang pangungusap ay:

a. Tama, dahil ito ang mahalaga upang mangibabaw ang paggalang sa mga karapatan ng tao
b. Tama, dahil ito ay inilaan na makamit ng tao sa lipunan ayon sa Likas na Batas
c. Mali, dahil sa kalayaan, masasakripisyo ang kabutihang panlahat at sa pagkakapantay-pantay, masasakripisyo ang kabutihan ng indibidwal
d. Mali, dahil sa kalayaan, masasakripisyo ang kabutihan ng indibidwal at sa pagkakapantay-pantay, masasakripisyo ang kabutihang panlahat

Quizbean
https://www.quizbean.com/#/pagsusulit-1

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ang tunguhin ng lipunan ay kailangang pareho sa tunguhin ng bawat indibidwal. Ang pangungusap ay:<br><br>a. Tama, dahil sa pagkakataon na ganito lamang matitiyak na makakamit ang tunay na layunin ng lipunan<br>b. Tama, dahil mahalagang makiayon ang bawat indibidwal sa layuning itinalaga ng lipunan<br>c. Mali, dahil may natatanging katangian at pangangailangan ang bawat isang indibidwal<br>d. Mali, dahil ang bawat indibidwal sa lipunan ang nararapat na nagtatakda ng mga layunin<br><br>4. Ano ang tunay na layunin ng lipunan?<br>a. kapayapaan<br>b. kabutihang panlahat<br>c. katiwasayan<br>d. kasaganaan<br><br>5.Ano ang kabutihang panlahat?<br>a. Kabutihan ng lahat ng tao<br>b. Kabutihan ng mga pangkat na kasapi ng lipunan<br>c. Kabutihan ng bawat indibidwal na kasapi ng lipunan<br>d. Kabutihan ng lipunang nararapat bumalik sa lahat ng mga kasapi nito | |
| | Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Paano makatutulong ang lipunan sa pagkamit ng kaganapan ng pagkatao?<br><br>2. Sa kasalukuyang kalagayan ng bansa, magiging madali ba o mahirap ang pagkamit ng tunay na layunin ng lipunan? Pangatwiranan. | Penzu<br>https://penzu.com/p/12e0556a |
| **TAKDANG ARALIN** | Panuto: Ang mga mag-aaral ay maglalagay ng isang adbokasiya o magibbigay ng sariling opinyon tungkol sa kabutihan ng lahat sa pamamagitang ng isang larawan. | Canva Poster<br>https://www.canva.com/andreajoshuarivera.pnu |